CITY OF LONG BEACH

PRESS RELEASE

Pahayag ng Press

Pebrero 3, 2021
Kontak: Jane Grobaty, Opisyal ng Komunikasyon ng Lungsod ng Long Beach para sa mga Parke, Libangan at Pandagat, 562.570.3233, **Jane.Grobaty@longbeach.gov**

Para sa Madaliang Pagpapahayag

Ang Lunsod ng Long Beach para sa Parke, Libangan, at Pandagat (Parks, Recreation, And Marine), ay naglulunsad muli ng mga bagong balita para sa madiskarteng plano upang Mas Mahusay na Mapaglingkuran ang Pamayanan

Ang Komunidad ay Iniimbitahan na Makilahok sa Pagsisiyasat

Lunsod ng Long Beach, CA – Ang Lunsod ng Long Beach sa Departamento ng Parke, Libangan, at Pandagat **(Parks, Recreation and Marine Department – PRM)** ay muling nilulunsad ang Departamento ng Pag-update ng Strategic Plan kasunod ng isang taon na pagkahinto dahil sa pagtugon sa pandemya dulot ng COVID-19. Ang komunidad ay inaanyayahan na makita ang mga resulta mula sa unang pagsisiyasat ng pamayanan at makilahok sa susunod na programa na makapagabot tulong sa komunidad.

“Ayon kay Mayor Robert Garcia, Ang mga parke, dalampasigan, at mga kaugnay na programa ay palaging isang mahalagang bahagi ng buhay ng ating pamayanan.” “ Nais naming marinig mula sa ating pamayanan kung ano ang kanilang iniisip na mabuti para sa espasyo na ito upang lalong umasenso at patuloy na maging kasiya-siya sa buong susunod na mga 10 taon.”

Nagsimula ang pagsisikap noong taong 2019 kasunod ng pag-apruba ng mga konseho ng lunsod sa pagpondo para ma update ang PRM’s Strategic Plan. Pinangunahan ng mga tauhan ng lunsod ang isang proseso ng pakikipag-ugnayan sa pamayanan kabilang ang proseso ng sirkulasyon ng multilingual survey ng pamayanan, upang

humingi ng kanilang opinyon mula sa mga residente sa kanilang paningin para sa hinaharap ng kagawaran. Ang survey ay isinulong sa online at sa social media at ginawang maitindihan sa mga lengwaheng Ingles, Espanyol, Khmer, at Tagalog sa mga sentro ng komunidad, pelikula, at konsyerto sa parke at iba pang mga kaganapan sa pamayanan.

“Ayon kay Brent Dennis, Direktor ng mga Parke, Rekreasyon, at Dalampasigan, “ Ang Strategic Plan ay magtutukoy ng plano ng madiskarteng paraan kung papaano namin bibigyan ng priyoridad ang aming trabaho, kung papaano namin aayusin ang aming mga tauhan, at kung papaano magpapasya kung saan mamumuhunan.” “Hinihikayat namin ang mga gumagamit ng ating mga parke at lahat ng mga myembro ng ating komunidad na magbahagi ng kanilang mga opinyon na makakatulong para ating mga parke at mga dalampasigan na maging ligtas at maging maanyaya ang ating mga programa.”

Ang komunidad ay hinihikayat na bisitahin ang **PRM website** at I-klik ang buton ng **“PRM Strategic Plan”** o pumunta sa http:bit.ly/prm strategicplan upang suriin ang mga resulta ng survey ng pamayanan noong 2019 at kumuha ng pangalawang multilingual survey na magagamit hanggang Pebrero 19. Ang Strategic Plan na mga karatula at paskil na pambitana o para sa maitusok sa hardin na nagtatampok ng QR na alituntunin para mabisita ng direkta ng mga tao ang survey sa kanilang mga portabol na aparato katulad ng smartphone ay na ipost na sa mahigit sa 40 na mga parke sa buong lunsod.

May mga karagdagang mga pop-up na mga estasyon na may mga kopya ng reultsa ng survey na maaring mabasa sa lengwaheng Inglis, Espanyol, Khmer at Tagalog na makikita sa mga sumusunod na lokasyon:

- McBride Park, 1550 Martin Luther King Jr. Ave
- Houghton Park, 6301 Myrtle Ave
- Orizaba Park, 1435 Orizaba Ave
- Veterans Park, 101 E. 28th St
- El Dorado Nature Center, 7550 E. Spring St
- Long Beach Marine Bureau Office, 205 N. Marina Dr

Ang mga residente ay maari ring makatulong na itaguyod ang mga survey sa pamamagitan ng pag download o pagkopya ng karatula ng Strategic Plan at ilagay nila ito sa kanilang mga bintana. Ang mga karatula ay makikita sa **http:bit.ly/prm_strategic plan.**

Ang virtual stakeholder na pagpupulong ay naka-iskedyul hanggang Pebero para makapagbigay ng karagdagang oportunidad para sa lunsod ng Long Beach upang makagalap ng opinyon galing sa mga gumagamit na grupo. Ang PRM ay gagawa rin ng isang serye na nagtatampok ng mga programa, tao, pagpaplano at pakikipagsosyo na maari nang magamit ngayong Spring. Ang komunidad ay hinihikayat din na magbahagi ng kanilang mga istorya sa mga tauhan ng lunsod sa pamamagitan ng pagkonekta sa #ParksMakeLB.

Ang PRM Strategic Plan ay sasakupin ang 10 taong panahon, mula sa 2021-2031, at magsisilbing gabay sa operasyon, tauhan,at badyet at pagdededisyon sa departamento. Para sa buod ng 2003 PRM strategic plan at para sa iba pang mga impormasyon, bisitahin and **longbeach.gov/park/.**

Tungkol sa Lunsod ng Long Beach

Tahanan sa humigit-kumulang na 470,000 na mga tao, ang maraming nagwaging mga gantimpala at makabagong lunsod ng Long Beach ay nagbibigay ng primera klase sa mundo na may amenidad na kagaya ng malalaki at makabagong lunsod ay nagpapakita ng isang malakas na ugnayan ng indibidwal at magkakaibang mga kabitbahayanan na magka-sama sa dalampasigan ng California. Bilang isang buong lunsod na may pribileheyong magsilbi, ang Long Beach ay tahanan sa Queen Mary, Aquarium of the Pacific, marami at ibat-ibang museo at teatro, matataas na antas na distritong paaralan, Long Beach Airport, Port of Long Beach, at marami pang mga nagwaging departamento ng lunsod katulad ng Health, Parks, Recreation and Marine , Development Services at marami pang iba. Ang lunsod ay mayroon ding ipinagmamalaking mataas na unibersidad, unibersidad na panglunsod, dalawang makasaysayang rancho, limang hospital, limang golf courses, 171 na mga parke, milya milyang dalampasigan, marinas, daanan ng bisikleta at programa sa pagbabahagi ng bisikleta.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa lunsod ng Long Beach, bisitahin ang: **www.longbeach.gov**. Sundan din sa mga social media para sa mga pangunahing balita: **Facebook, Twitter, Instagram, and YouTube.**

Tungkol sa mga Parke, Rekreasyon at Dalampasigan

Ang departamento ng Long Beach Parke, Rekreasyo, at Dalampasigan (Long Beach Parks, Recreation And Marine Department – PRM), ay kinikilala para sa kahusayan sa mga kasanayan sa pamamahala sa pagsasanay at mga programa at nakatanggap na ng apat na beses na pinakamataas na gantimpala, ang Gintong Medalya ng Asosasyon ng Nasyonal Parke at Rekreasyon (National Parks and Recreation Association Gold Medal Award). Ang PRM ay nagbibigay ng mga programa sa paglilibang at sebisyo sa mga residente at bumibisita sa lunsod na nakakapagmabuti sa kalidad ng buhay sa lunsod ng Long Beach. Ang PRM ang nangangalaga sa 171 mga parke na may 26 na sentro ng komunidad, 320 ektaryang espasyo, at 6.1 na milyang dalampasigan; sila din ang nagpapatupad sa pagpaplano ng mga libreng espasyo sa lunsod, nagbibigay ng mga oportunidad na pang rekreasyon upang makapagsilbi sa mga magkakaibang mga pangangailangan sa pamayanan; nangangalaga sa publikong marina, at nagbibigay ng kaligtasan sa mga makataong paggagamot at pangangalaga sa mga hayop.

Para sa mga karagdagang impormasyon tungkol sa mga programa at serbisyo ng lunsod Long Beach Parke, Rekreasyon, at Dalampasigan (Long Beach Parks, Recreation and Marine Programs and services), bisitahin ang: www.longbeach.gov/park. Subaybayan din sa social media para sa mga pinakabagong balita; **Facebook, Twitter, Instagram, and YouTube.**

###